

Ang pandagdag na pondo ay nagpapalakas ng mga programa ng nutrisyon sa paaralan

Pebrero 26, 2024 [Mga katanungan sa media](#)

Ang isang beses na \$5-milyong kaloob ay magpapalawak sa programa ng nutrisyon sa paaralan ng lalawigan upang mabigyan ang mas maraming mga mag-aaral ng mahusay na pagkain at meryenda ngayong pasukan.

Ang pagtitiyak na ang mga mag-aaral ay makakakuha ng wastong nutrisyon ay mahalaga para sa mga lumalaking pag-iisip at pag-aaral. Tinatayang mahigit sa 58,000 mga mag-aaral sa buong lalawigan ang kasalukuyang tumatanggap ng pang-araw-araw na masustansyang pagkain sa pamamagitan ng programa sa nutrisyon ng paaralan ng Alberta. Sa pamamagitan ng pagpopondong ito, ang mga hurisdiksyon ng paaralan ay makakagawa, makakapagpatuloy o makakapagpahusay ng mga programa sa nutrisyon sa mga natukoy na paaralan.

“Ang wastong nutrisyon ay mahalaga para sa tagumpay ng mag-aaral. Walang sinuman ang gumagana sa kanilang pinakamahusay ng walang laman ang tiyan. Para kilalanin ang tumataas na halaga ng pagkain at mga serbisyo, nasasabik kaming makapagbigay ng karagdagang pondo para suportahan ang nutrisyon ng mag-aaral sa pagtatapos ng taon ng paaralan na ito.”

Demetrios Nicolaidis, Ministro ng Edukasyon

Nagbigay na ang pamahalaan ng Alberta ng \$20 milyon sa mga awtoridad ng paaralan para sa programa ng nutrisyon sa paaralan. Ang isang beses na gawad na ito ay nagdaragdag sa dating pagpopondo ng 25 porsyento, na dinadala ang kabuuang pondo sa \$25 milyon para magpatakbo ng mga programa sa nutrisyon para sa taon ng paaralang 2023-24.

Awtomatikong dadaloy ang kaloob sa publiko, hiwalay, francophone at mga naaangkop na pampublikong tsarter na paaralan sa pamamagitan ng regular na mga channel ng pagpopondo.

Hinihikayat ng pamahalaan ng Alberta ang mga hurisdiksyon ng paaralan na makipagtulungan sa mga organisasyon ng komunidad upang pinakamahusay na matugunan ang mga pangangailangan sa pagkain ng kanilang mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng kakayahang umangkop ng programang ito, ang mga lokal na lupon ng paaralan ay maaaring gumawa ng mga desisyon na pinakamahusay na sumusuporta sa kanilang mga mag-aaral at mga pamilya habang bumubuo ng matibay na koneksyon sa loob ng komunidad at sa mga lokal na organisasyon.

“Ang busog na tiyan ay nagpapasigla sa pag-aaral at tinitiyak na ang mga mag-aaral ay may lakas at makapokus upang umunlad sa paaralan. Nagpapasalamat kami para sa karagdagang pondong ito upang mas maraming mga mag-aaral ang makakuha ng masustansyang pagkain sa araw ng paaralan.”

Laura Hack, tagapangulo, Lupon ng Edukasyon ng Calgary

“Ang aming mga paaralan at mga pamilya ay lubos na nagpapasalamat sa mahalagang pondong ito na sumusuporta sa mga mag-aaral sa kanilang kahandaang matuto. Ang mga dolyar na ito, kasabay ng aming pakikipagtulungan sa mga organisasyong pangkomunidad, ay makakatulong sa pagbibigay ng pangkalahatang akses sa mga programang pang-almusal, meryenda at tanghalian, na mahalaga sa tagumpay ng mag-aaral.”

Sandra Palazzo, tagapangulo, Dibisyon ng Paaralang Katoliko ng Edmonton

Kaugnay na impormasyon

- [Programang Nutrisyon sa Paaralan](#)

Mga katanungan sa media

Gabrielle Symbalisty

780-218-8916

Kalihim ng Press, Edukasyon